Republic of the Philippines
Department of Education
CARAGA REGION

RECORDS SECTION
JAN 09 2023

Enero 5, 2023

MEMORANDUM PANREHIYON
Blg. 0020, s. 2023

Para sa mga: PANSANGAY NA TAGAPAMANILA NG MGA PAARALAN
Ang Rehiyong ito

BIRTWAL NA PAGLULUNSAD NG MGA GAWAIN KAUGNAY
SA PROGRAMANG FILIPINO E-TAGUYOD

1. Bilang suporta at pormal na pagpapatupad sa programang E-Taguyod sa DM Blg. 073, s. 2022 na ipinalabas ng Kawanihan ng Linangan ng Pagkatuto – Sangay ng Pagtuturo at Pagkatuto, ang DepEd Caraga sa pamamagitan ng Sangay sa Kurikulum at Pamamahalang Pampagkatuto (CLMD) ay maglulunsad sa **Programang Filipino E-Taguyod: Pambansang Programa para sa Filipino sa Edukasyon** ngayong Enero 12, 2023, 9:00 NU gamit ang *online platform*.

2. Layunin ng paglulunsad na ito ang pagpapatatagin ang 4Ks- kaakuhan, kamalayan, kalinangan, kaunlarang pang-Filipino gamit ang Filipino.

3. Bahagi ng paglulunsad ay ang paglalahad ng 2-minutong mensahe o suporta ng bawat sangay sa pagpapatupad ng mga gawain kaugnay sa programang ito na isusumite sa Enero 11, 2023 sa https://bit.ly/3X83Bx6 .

4. Bilang paghahanda sa paglulunsad, isang agarang pagpupulong ang gaganapin ngayong **Enero 6, 2023, 1:00nh-3:00nh**, sa lahat ng tagamasid pansangay sa Filipino gamit ang *google meet*.

5. Sa dagdag na detalye at katanungan, maaaring sumangguni sa CLMD sa pamamagitan ni Maria Consuelo C. Jamera, EPS-Filipino. Maaaring mag-email sa mariaconsuelo.jamera@deped.gov.ph o tumawag sa 09120821145.

6. Maaga at malawakang pagpapalaganap sa Memorandum na ito ay inaasahan.

**MA. GEMMA MERCADO LEDESMA**
Direktor ng Rehiyon

Kalakip: Daloy ng mga Gawain
Sanggunian: DM 073, s. 2022 (aytem #5-#7)
Ilalagay sa Palagiang Palatuntunan
sa ilalim na sumusunod na paksa:

FILIPINO LAUNCHING LEARNING AREA

CLM/mcj
01/05/2023

Address: J.P. Rosales Avenue, Butuan City
Trunkline No: (085) 342-8207
Telefax No: (085) 342-5969
Email: caraga@deped.gov.ph

2023-01-00238
Document Control No:
DepEdRO13-F-REC-013/R3/02-18-2020

Kalakip para sa Memorandum Panrehiyon Blg. 0026, s. 2023

BIRTWAL NA PAGLULUNSAD NG MGA GAWAIN KAUGNAY SA PROGRAMANG FILIPINO E-TAGUYOD
Enero 12, 2023

DALOY NG PALATUNTUNAN

| | |
|---|---|
| Awit Panalangin | Pagtatanghal ng Multimedia |
| Pambansang Awit | Pagtatanghal ng Multimedia |
| Pagpapakilala ng mga Kalahok | **Maria Consuelo C. Jamera**<br>*Panrehiyong Tagamasid sa Filipino* |
| Pambungad na Mensahe | **Atty. Fiel Y. Almendra, CESO V**<br>*Kawaksing Direktor ng Rehiyon* |
| Intermisyon | Sangay ng Lungsod ng Butuan |
| Layunin ng Pagdiriwang | **Isidro M. Biol Jr., PhD**<br>*Hepe, CLMD* |
| Paglulunsad ng Programang Filipino E-Taguyod | **Gaudencio N. Serrano**<br>*BLD-TLD, Tagapag-ugnay sa Filipino* |
| Paglalahad ng mga Gawain | **Maria Consuelo C. Jamera**<br>*Panrehiyong Tagamasid sa Filipino* |
| Paglalahad ng suporta ng bawat sangay | **Agusan del Norte*<br>**Agusan del Sur*<br>**Bayugan City*<br>**Bislig Ciy*<br>**Butuan City*<br>**Cabadbaran City* |
| Mensaheng Pagganyak | **Ma. Gemma Mercado-Ledesma**<br>*Direktor ng Rehiyon* |
| Intermisyon | Sangay ng Lungsod ng Cabadbaran |
| Paglalahad ng suporta ng bawat sangay | **Dinagat Islands*<br>**Siargao*<br>**Surigao City*<br>**Surigao del Norte*<br>**Surigao del Sur*<br>**Tandag City* |
| Intermisyon | Sangay ng Agusan del Norte |
| Awiting Pangmadla | Pagtatanghal ng Multimedia |
| Tagapagdaloy | **Kevin Hope Z. Salvana**<br>*Panrehiyong Tagamasid sa Agham* |

26 AUG 2022

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 073 , s. 2022

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2022**

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng mga Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinunò ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan

1. Alinsunod sa itinakdang Proklamasyon Bilang (Blg.) 1041, s. 1997, na nagpapahayag ng taunang Buwan ng Wikang Pambansa tuwing 1–31 ng Agosto, ang pagdiriwang ay pangungunahan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).

2. Pára sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa, ipinatutupad ang KWF Kapasiyahan ng Kalupunan Blg. 8-6 serye 2022 na nagtatakda ng temang, **Filipino at Mga Katutubong Wika: Kasangkapan sa Paglikha at Pagtuklas** na naglalayon na ilaan ang Agosto bílang lunsaran ng mga pagpupunyagi sa kasaysayan ng bansa at mga wika.

3. Layunin ng Buwan ng Wika 2022 ang sumusunod:

a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
b. Maiangat ang kamalayan ng mga mámamayáng Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nitó;
c. Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampámahalaán at pampribado na makiisá sa mga programang tulad nitó na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
d. Maganyak ang mga mámamayáng Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
e. Maipakilala sa mga mámamayáng Pilipino ang KWF bílang ahensiya ng pámahalaán na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nitó.

4. Hinati sa limang lingguhang tema ang isang buwang pagdiriwang:

| Petsa | Tema |
|---|---|
| Unang Linggo<br>1–7 Agosto 2022 | Ang mga Wikang Katutubo sa Paglinang ng Kulturang Pangkalikasan |
| Ika-2 Linggo<br>8–14 Agosto 2022 | Wika ng Tahanan, Komunidad, at Paaralan: Kaugalian at Motibasyon sa Pagpapataas ng Kalidad ng Edukasyon |
| Ika-3 Linggo<br>15–21 Agosto 2022 | Wikang Filipino: Daluyan ng Karunungan at Kakayahan |

| | |
|---|---|
| Ika-4 na Linggo<br>22–28 Agosto 2022 | Multidisiplinaryo at Interdisiplinaryong Lapit sa Pagbubuo at Pagpapatibay ng Nasyonalismong Kultural |
| Ika-5 Linggo<br>29–31 Agosto 2022 | Paunang Sípat sa Dokumentasyong Dihital sa Preserbasyon ng mga Pamanang Kultural |

5. Samantala, pormal na inilulunsad ng Kagawaran ng Edukasyon sa pangunguna ng Kawanihan ng Linangan ng Pagkatuto-Sangay ng Pagtuturo at Pagkatuto ang programang **FILIPINO E-TAGUYOD: Pambansang Programa para sa Filipino sa Edukasyon.** Isa itong maka-Pilipino at maka-Filipinong programa na magpapalakas at magtataguyod sa Filipino sa Edukasyon. Tuon nito ang pagbuo, pagpapatupad, pagsubaybay at ebalwasyon ng mga proyekto at gawaing pagpapaunlad ng mga kaalaman at kasanayan sa Filipino sa paglinang pam-Pilipino ngunit hindi limitado sa:

a. pagtuturo at pagkatuto ng Filipino;
b. pagtuturo at pagkatuto sa ibang asignatura gamit ang Filipino;
c. pananaliksik;
d. pagsasalin; at
e. iba pang kaugnay sa paggamit ng Filipino sa larang ng edukasyon.

6. Tunguhin ng programang ito ang pagpapatatag sa 4Ks—kaakuhan, kamalayan, kalinangan, at kaunlarang pam-Pilipino gamit ang Filipino. Sakop ng programang ito ang sumusunod na proyekto:

a. **E-Riserts sa Filipino** na lilinang sa kasanayan sa pananaliksik ng mga guro at mag-aaral;
b. **Filipino E-Linang** na tutugon sa paglinang ng mga kasanayan sa paggamit ng Filipino sa edukasyon gaya ng ngunit hindi limitado sa korespondensiya, kagamitang panturo at pagkatuto, pagtuturo ng ibang asignatura gamit ang Filipino;
c. **Filipino E-Turo** na tutugon sa pagpapaunlad sa kasanayan sa pagtuturo ng Filipino tuon ngunit hindi limitado sa kaalamang pangnilalaman, mga estratehiyang pampedagohiya, pagtataya, kagamitan, kapaligirang pampagkatuto, isyung pangmag-aaral at iba pang kaugnay;
d. **E-Salin Sa Filipino** na tutugon sa paglinang ng kasanayan sa pagsasalin sa Filipino ng mga guro at mag-aaral; at
e. **Filipino E-Global** na tutugon sa makaglobal na pagtataguyod sa Filipino sa edukasyon gaya ng ngunit hindi limitado sa paglinang ng kasanayang panteknolohiya ng mga guro sa Filipino, eksposyur sa mga makabago at napapanahong pandaigdig na usaping pangwika sa edukasyon.

7. Iminumungkahi ang online at malayang paglahok ng mga guro at mag-aaral sa mga gawaing nakasaad sa Kalakip (Antas at mga Gawain). Isaalang-alang na ito ay nasa panahon pa ng bakasyon at mga gawain sa pagsisimula ng taong panuruan.

8. Pára sa iba pang detalye at impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa **Sangay ng Edukasyon at Networking** sa mobile phone blg. 0928-8441349 o komisyonsawika@gmail.com para sa mga katanungan kaugnay sa mga Gawain sa Buwan ng Wika at/o sa **Kagawaran ng Edukasyon-Kawanihan ng Linangan sa Pagkatuto** sa telepono blg. (02) 8636-6540; (02) 8633-6549 o mag-email sa bld.od@deped.gov.ph para naman sa mga katanungan hinggil sa programang Filipino E-Taguyod.

9. Hinihiling ang maagap at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

Alinsunod sa awtoridad na iginawad ng Kalihim:

**EPIMACO V. DENSING III**
Pangalawang Kalihim at Puno ng Estado Mayor

To authenticate this document, please scan the QR code DEPED-OSEC468321

Kalakip:
Gaya ng sinasaad

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran Blg. 046, s. 2021

Ilalagay sa Palagiang Taluntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

BUREAUS AND OFFICES
CELEBRATIONS AND FESTIVALS
CURRICULUM
LANGUAGE
LEARNING AREA, FILIPINO
SCHOOLS

SMMA, RMES, APA, MPC DM Buwan ng Wikang Pambansa 2022
0217 – Agosto 12, 2022